TRUTH BE TOLD



# Ang Talinghaga ng mga Manggagawa sa Ubasan

## NOTES

## WARM-UP

- Madali lang ba sa iyo ang magpahiram ng iyong mga gamit sa iba? Bakit oo o bakit hindi?
- Maituturing mo ba ang iyong sarili bilang isang mapagbigay na tao? Bakit oo o bakit hindi?
- Sino ang pinakapinagkakatiwalaan mo ng lubos? Bakit mo sya pinagkakatiwalaan?

## WORD

[15]"'*Hindi ba't may karapatan akong gawin ang gusto ko sa pera ko? O naiinggit lang kayo dahil mabuti ako sa kanila'"* [16]*Pagkatapos, sinabi ni Jesus, "Ganyan din ang mangyayari sa huling araw. May mga hamak ngayon na magiging dakila, at may mga dakila ngayon na magiging hamak."* **MATEO 20:15,16**

(Basahin din ang **MATEO 20:1-14**.)

---

Sa talinghagang ito ibinahagi ni Jesus ang kwento ng isang mapagbigay na may-ari ng ubasan na naging mapagbigay sa mga taong nagtrabaho para sa kanya. Ang pagiging mapagbigay na ito ang naging dahilan kung bakit ang ibang manggagawa na nagtrabaho ng mas mahaba ay nagreklamo. Ito ay dahil ang kanilang serbisyo ay nakabatay sa kontrata, at hindi sa tiwala. Mas madalas na tayo ay kapareho nila. Inaasahan at iniisip natin na karapat-dapat tayo makatanggap ng higit pa sa kung ano ang natatanggap natin. Subalit ang katotohanan ay, ang kabutihan ng Diyos at ang regalo na buhay na walang hanggan ay para sa ating lahat. Sa araling ito, ating titignan kung paano pinapakita sa atin ng Diyos kung sino Siya. Siya ay mabait, mapagbigay, at mapagmahal at laging karapat-dapat ng ating pagtitiwala.

## 1 Kabutihan

[1]*Sinabi pa ni Jesus sa kanila, "Ang paghahari ng Diyos ay maitutulad sa kwentong ito: Isang araw, maagang lumabas ang may-ari ng isang ubasan para humanap ng mga manggagawa.* [2]*Nang makakita siya ng mga manggagawa, nakipagkasundo siya sa kanila na makakatanggap sila ng karampatang sahod para sa isang araw na trabaho, saka niya pinapunta ang mga ito sa ubasan niya.* [3]*Nang mga alas nuwebe na ng umaga, lumabas siyang muli at may nakita siyang mga taong walang trabaho at nakatambay lang sa may pamilihan.* [4]*Sinabi niya sa kanila, 'Pumunta kayo sa ubasan ko at magtabaho. Babayaran ko kayo ng nararapat.'"*
**MATEO 20:1-4**

Nang sabihin ng may-ari ng ubasan na ibibigay niya sa mga manggagawa ang nararapat, ipakita niya sa kanila na siya ay mapagkakatiwalaan. Gaya ng may-ari ng ubasan, ang Diyos ang karapat-dapat nating paglingkuran dahil sa Kanyang kabutihan. Ang Kanyang plano ay para lamang sa ating kabutihan, at labis-labis ang ibinibigay niyang pantustos ng ating mga pangangailangan. Ano ang ipinangako ng Diyos sa Jeremias 29:11? Paano mo ito nakita sa iyong buhay?

........................................................................................................

........................................................................................................

## 2 Pagkamapagbigay

*"Sinagot ng may-ari ang isa sa kanila, 'Kaibigan, hindi kita dinadaya. Hindi ba't nagkasundo tayo na bibigyan kita ng sahod para sa isang araw na trabaho?'"* **MATEO 20:13**

(Basahin din ang **MATEO 20:8-13**.)

Pinili ng may ari na bigyan ng *denarius* ang lahat ng nagtrabaho para sakanya sa araw na iyon. Ang desisyon na ito na tila hindi makatarungan ay nagpapakita ng pagkamapagbigay ng may-ari ng ubasan. Sa kaparehong paraan, tayo ay hinihikayat ni Jesus na manalig sa Diyos dahil ibinibigay Niya ang higit pa sa dapat nating matanggap. Sa iyong palagay, bakit natin ibinabatay ang pagiging mapagbigay ng Diyos sa kung ano ang mayroon ang iba at sa kung ano ang ibinibigay Niya sa atin? Paano natin mapangangalagaan ang ating sarili mula sa pagkukumpara, pagrereklamo, at paghingi ng mga bagay na sa palagay nating ay karapat-dapat nating matanggap?

## 3 Pagpapala

[13]*"Sinagot ng may-ari ang isa sa kanila, 'Kaibigan, hindi kita dinadaya.*
*Hindi ba't nagkasundo tayo na bibigyan kita ng sahod para sa isang araw*
*na trabaho?* [14]*Kaya tanggapin mo na ang sahod mo, at umuwi ka na.*
*Desisyon ko na bigyan ng parehong sahod ang mga huling nagtrabaho.*
[15]*Hindi ba't may karapatan akong gawin ang gusto ko sa pera ko? O*
*naiinggit lang kayo dahil mabuti ako sa kanila?'"* [16]*Pagkatapos, sinabi*
*ni Jesus, "Ganyan din ang mangyayari sa huling araw. May mga hamak*
*ngayon na magiging dakila, at may mga dakila ngayon na magiging*
*hamak."* **MATEO 20:13-16**

Ang mabuti at mapagbigay na may-ari ng ubasan ay nagkaloob ng biyaya sa mga nagtrabaho para sa kanya. Sa parehong paraan, nagbibigay ang Diyos ng biyaya para sa atin, hindi dahil karapat-dapat tayong tumaggap nito kundi dahil sa kung sino Siya. Ang biyayang ito ay ipinakita sa atin sa pamamagitan ng sakripisyo ni Jesus sa krus. Ito ang dahilan kung bakit hindi natin natatanggap kung ano ang karapat-dapat nating tanggapin (na tinatawag na awa) at natatanggap natin ang hindi natin karapat-dapat na matanggap (na tinatawag na biyaya). Paano mo naintindihan kung ano ba talaga ang biyaya at paano binago ng katotohanang ito ang iyong buhay?

## APPLICATION

- Ano sa palagay mo ang iyong magiging tugon kung ikaw ay bahagi ng unang grupo ng mga manggagawa? Paano mo magagawang magkaroon ng mas mabuting pang-unawa?
- Ano ang mga bagay na maaaring pumipigil sa iyo upang maniwala sa kabutihan ng Diyos? Paano mo Siya mapagkakatiwalaan sa sitwasyon mo ngayong linggo?
- Isipin ang isang tao na maaari mong mabigyan ng lakas ng loob sa pamamagitan ng talinghagang ito. Ano ang maaari mong gawin upang mapalakas ang kanyang loob?

## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos sa pagiging isang mabuti, mapagbigay, at mapagmahal na Ama. Humingi ng kapatawaran para sa mga pagkakataong ikaw ay nagreklamo o nag-isip na dapat kang makatanggap ng higit pa sa natanggap mo. Pasalamatan Siya sa biyayang ipinagkakaloob Niya sa iyo araw-araw.
- Ipanalangin mo sa Diyos ang mga bagay na pumipigil sayo na manalig Sakanya ng lubos at isuko ang mga ito Sakanya. Ipanalangin na mapuno ang iyong puso ng kababaan ng loob at kaligayahan. Hingin sa Kanya na tulungan kang palalimin pa ang iyong pagtitiwala at palakasin ang iyong relasyon sa Kanya.
- Ipanalangin na maipakita ng buhay mo kung sino si Jesus para sa iyo. Ipanalangin na ikaw ay maging mapagbigay at mapagmahal gaya ng iyong Ama sa langit.

VICTORY

© 2016 by VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit na may pahintulot
mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng pag-aari.
victory.org.ph